


Binubuod ng handout na ito ang Iminumungkahing Badyet sa FY 19 ng Tagapamahala ng Lungsod na ipinakita sa Alkalde at Konseho ng Lungsod para sa pagsasaalang-alang. Ang Badyet sa FY 19 ay dapat pagtibayin ng Konseho ng Lungsod sa Setyembre 15, 2018. Pakitingnan ang likod na pahina para sa impormasyon kung paano ka maaaring magbahagi sa amin ng mga gusto mo.

BADYET NG LUNGSOD

Ang tanging bahagi ng \$3 bilyong badyet ng Lungsod na lubusang opsyonal ay ang Pangkalahatang Pondo. Ang Pangkalahatang Pondo ay binubuo lamang ng 17 porsiyento (\$499 milyon sa mga patuloy gastos sa pagpapatakbo) ng Iminumungkahing Badyet sa FY 19.



MGA HIGHLIGHT NG BADYET

Ang badyet sa Pangkalahatang Pondo ay ma-estrukturang nakabalanse at naglalaman ng mahahalagang puhunan sa kaligtasan ng publiko at imprastraktura. Ang badyet ay nakatuon din sa kawalan ng tahanan, mga serbisyo sa kalinisan ng lungsod, pagpapaunlad ng kabuhayan, sining at kultura, teknolohiya at pagbabago na nakalarawan sa ibaba.



Ang Pagtugon sa Kawalan ng Tahanan ay ang Pinakamahalagang Pokus

Sa ngayon, ang Lungsod ay gumagastos ng humigit-kumulang \$10 milyon sa pagtugon sa kawalan ng tahanan na ibinibigay ng iba't ibang pagpopondo ng Pederal, Estado at County, bukod sa pagpopondo ng Lungsod. Ang Lungsod ay makikinabang din mula sa \$2.6 milyong grant mula sa Measure H ng County, pati na sa \$3.4 milyong grant para sa pabahay sa walang tahanan sa buong taon. Bukod pa nito, ang Lungsod ay inaasahang makatatanggap ng humigit-kumulang \$12 milyon sa mga isang beses na pondo bilang bahagi ng Programa sa Tulong Pang-Emergency para sa Walang Tahanan ng Estado. Nagmumungkahi ang Badyet sa FY 19 ng apat na karagdagang Pulis sa Kalidad ng Buhay at hanggang sa isang Detektibo (tatlong posisyon ang naghihintay ng pag-apruba sa LA Metro); isang HEART team ng Bumbero para sa outreach sa kalye na binubuo ng dalawang karagdagang bumbero; at suporta para sa mga paglilinis ng kampo ng walang tahanan.

Ang Kaligtasan ng Publiko ang Nananatiling Pangunahing Prayoridad

Ginagampana ng Measure A ang sentral na tungkulin sa pagpapanatili ng mga serbisyo sa kaligtasan ng publiko (na sinusupportahan ang 108 Pulis at Bumbero) at pinapayagan ang mga bagong serbisyo na maidagdag sa FY 19 kasama ng 35 Pulis at Bumbero na naidagdag na simula pa noong mapagtibay ang Measure A. Sa pamamagitan ng mga pondo ng Measure A, ang Badyet sa FY 19 ay iminumungkahi ang dalawang karagdagang Pulis sa Kalidad ng Buhay at dalawang karagdagang bumbero para sa HEART team na binanggit sa seksyon sa itaas; \$1.9 milyon sa isang beses na pagpopondo sa Kagawaran ng Pulisya para sa Inisyatibo sa mga Ligtas na Kalye sa Kapitbahayan; \$2.1 milyon sa isang beses na pagpopondo para sa dobleng Akademya ng Pulisya sa FY 19; \$900,000 sa isang beses na pagpopondo para sa dobleng Akademya ng Bumbero sa FY 19; \$130,000 sa isang beses na pagpopondo para sasakyan at kagamitang kailangan para sa karagdagang yunit ng HEART; at \$600,000 sa isang beses na pagpopondo para sa modernisasyon at pagpapalawak ng network ng kamera para sa kaligtasan. Kabilang din sa badyet ang mga di-Measure A na pagpapaganda at pagpapahusay para sa Kaligtasan ng Publiko, na maaaring makita sa Libro ng Badyet.

Ang Pamumuhunan sa Pampublikong Imprastruktura at Iba Pang mga Kritikal na Pangangailangan



Ang Badyet sa FY 19 ay iminumungkahi ang isang matatag na Capital Improvement Program (CIP) na pinakalakas ng mga Pondo ng Measure A, pati na ang mga ma-estrategiyang pamumuhunan sa iba pang mga kritikal na pangangailangan sa buong lungsod, tulad ng imprastruktura sa teknolohiya ng Lungsod. Ang Programa sa Pagpapabuti ng Kapital ng Lungsod sa FY 19 ay \$96.8 milyon mula sa iba't ibang mapagkukunan, hindi kasama dito ang Kagawaran ng Harbor, na pinupunan ng \$24.0 milyon mula sa mga pondo ng Measure A na nakalaan sa lumang imprastruktura ng Lungsod, na may kabuuang \$120.8 milyon. Sa FY 19, mapabilang sa pokus ang mga kalye, eskina, bangketa/curb, parke, pagpapabuti sa mobalidad, baybayin at marinas, utility, at iba't ibang pasilidad sa buong lungsod.

Pokus sa Pagpapaunlad ng Kabuhayan



Ang pamumuhunan sa pagpapaunlad ng kabuhayan ay ang pinakamahalagang bahagi ng ating estratehiya upang palakihin ang pangunahing kita ng Lungsod at tulungang ibalanse ang mga badyet sa hinaharap. Ang Badyet sa FY 19 ay nagdadagdag ng walong posisyon sa Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pagpapaunlad na pinopondohan ng kita sa permiso mula sa pinaraming gawain sa pagpapaunlad at magbibigay ng mga natatanging serbisyo para sa mga bagong high-rise na aplikasyon ng pagpapaunlad, pabutihin ang oras ng paghihintay sa Permit Counter, pabutihin ang mga komunikasyon sa publiko tungkol sa mga isyu ng paggamit ng lupain, at matugunan ang tumaas na pangangailangan sa pag-iinspeksyon. Sa FY 19, patuloy ang pagtatrabaho sa pagpapatupad ng mga iminumungkahi sa sampung taong Blueprint para sa Pagpapaunlad ng Kabuhayan.

Pagbabago at mga Pagpapahusay



Ang Lungsod ay may kasaysayan ng paghahanap ng mga makabagong solusyon upang magbigay ng pinakamahuhusay na serbisyo para sa mga residente at negosyo nila. Kabilang sa Badyet sa FY 19 ang pagpapatupad ng isang bagong modelo ng serbisyo na pinapayagan ang pitong araw na serbisyo ng aklatan sa buong lungsod na nagreresulta sa access sa mga sistema ng aklatan araw-araw at walang bagong netong halaga; pagbuo ng Opisina ng Pambayang Pagbabago; pagtatayo ng isang Kawanihan ng Pamamahala ng Proyekto sa Kagawaran ng Gawaing-bayan para sa pinabuting pamamahala at pangangasiwa ng mga kritikal na proyekto sa buong lungsod; at pagpapatayo ng Ugnayan sa Komunidad at Kawanihan ng Pakikipagtulungan sa Kagawaran ng mga Parke, Libangan, at Marine upang maghanap ng mas maraming grant at paunlarin ang isang ma-estrategiyang plano para sa patuloy na pagpapanatili ng mga programa.

Mga Pamumuhunan sa Sining at Kultura




Ang mga kita sa buwis ng pagtuloy sa hotel sa Special Advertising and Promotions Fund (SAP) ay pinapayagan ang Lungsod na gumawa ng mga ma-estrategiyang pamumuhunan sa sining, kultura, at turismo. Ang badyet ay itinataas ang mga kontribusyon ng Lungsod sa Kombensyon at Kawanihan ng Bisita ng Long Beach, Museo ng Sining, at Konseho ng Sining ng Long Beach. Ang badyet ay nagbibigay ng isang beses na pagpopondo para sa POW! WOW! programa sa mural, isang karagdagang event sa Kalye sa Long Beach upang tulungang pabutihin ang mga pagsisikap na maging mabuting lugar para mamuhay at magbisikleta sa Lungsod upang suportahan ang bagong programa sa signage sa gateway at wayfinding.

Pagpopondo sa mga Panlipunang Pangangailangan




Ang Badyet sa FY 19 ay nagbibigay ng ma-estraturang pagpopondo sa Pangkalahatang Pondo para sa Opisyal ng mga Espesyal na Proyekto upang ipagpatuloy ang trabaho ng Opisina ng Katarungan na pinondohan kamakailan ng mga pondo sa grant na natapos na; \$192,000 sa isang beses na pagpopondo upang ipagpatuloy ang mga kasalukuyang lokasyon ng programang Be SAFE; \$200,000 sa isang beses na pagpopondo upang suportahan ang mga programa at gawain para sa kapakanan ng kabataan sa pamamagitan ng proseso ng Pakikiisa sa Pagbabadyet; at \$80,000 sa isang beses na pagpopondo para sa pagpapatupad ng Language Access Plan (LAP).

MGA GASTOS NG PANGKALAHATANG PONDO



Ang mga suweldo at benepisyo ng mga empleyadong nagbibigay ng serbisyo sa Lungsod ang bumubuo sa 80 porsiyento ng mga gastos ng Pangkalahatang Pondo. Lahat ng iba pang mga gastos ng Pangkalahatang Pondo ang bumubuo sa 20 porsiyento.

MGA KITA NG PANGKALAHATANG PONDO



Ang Pangkalahatang Pondo ay pangunahing umaasa sa pangkalahatang kita sa buwis. Sa FY 19, humigit-kumulang 60 porsiyento ng lahat ng mga Kita sa Pangkalahatang Pondo ang nagmumula sa mga buwis. Ang Lungsod ay nakatatanggap ng 21 porsiyento ng mga buwis sa ari-arian sa County ng L.A.

MGA MA-ESTRATEHIYANG PAMUMUHUNAN

Ang iminumungkahing badyet ay namumuhunan ng humigit-kumulang \$5.1 milyon sa isang beses na pagpopondo sa Pangkalahatang Pondo para sa mga ma-estratehiyang bagay na ipinapakita sa sumusunod ng tsart:

Pamagat	Tinatayang Halaga	Estado
Kaligtasan ng Publiko		
Kritikal na Upgrade ng Sistema ng Pamamahala ng mga Rekord ng Kagawaran ng Pulisya	\$2,000,000	Mga kritikal na upgrade upang sumunod sa mandato ng Kagawaran ng Katarungan upang ipatupad ang mga bagong sistema ng pag-uulat ng krimen base sa insidente.
Programang Be S.A.F.E.	\$192,000	Pagpopondo upang ipagpatuloy ang mga kasalukuyang lokasyon ng programang Be S.A.F.E.
Pag-uusig sa Pagpapatupad ng Kodigo	\$150,000	Pag-uusig sa mga paglabag sa Pagpapatupad ng Kodigo upang pabutihin ang kondisyon ng pamumuhay.
Mga Serbisyong Redaction para sa Kamerang Isinusuot sa Katawan	\$100,000	Mga serbisyong redaction para sa kamerang isinusuot sa katawan. Clinician ng Kalusugang Pangkaisipan
Clinician ng Kalusugang Pangkaisipan	\$100,000	Palawakin ang mga serbisyo ng clinician sa kulungan sa pagsisikap na bawasan ang mga halaga ng recidivism at muling pag-aaresto
Pagiging Mabuting Lugar para Mamuhay		
Mga Kritikal na Pangangailangan sa Patubig sa mga Parke	\$1,200,000	Mga kritikal na pangangailangan sa patubig sa mga parke ng Lungsod para maging mas katulad ng mga kinakailangan sa pagdidiil ng halaman at mga isyu sa kaligtasan sa combat tulad ng mga mali sa puno sa lungsod.
Proaktibong Inisyatibo sa Kawalan ng Tahanan	\$255,000	Suportahan ang mga pagsisikap sa buong lungsod upang tugunan ang kawalan ng tahanan, kabilang ang mabilis na pagtugon, mga paglilinis, at outreach.
Programang sa Access sa Wika	\$80,000	Ipagpatuloy ang pagpapatupad ng Language Access Program (LAP) upang itaguyod ang patas na access sa mga serbisyo ng Lungsod para sa lahat ng residente.
Iba pa		
Eleksyon 2018	\$663,000	Mga gastos kaugnay ng mga Charter Amendment sa balota ng Nobyembre 2018.
Suporta sa Kabataan at mga Bata	\$200,000	Mga programa at gawaing sumusuporta sa kapakanan ng kabataan sa pamamagitan ng proseso ng Pakikiisa sa Pagbabadyet.
Pilot ng Pag-aampon ng Hayop	\$120,000	Pilot na programa ng Pag-aampon ng Hayop upang itaas ang mga pag-aampon sa pamamagitan ng mga Serbisyo ng Pangangalaga ng Hayop.
Pilot na Programa ng Coordinator ng Boluntaryo	\$37,710	Posisyon sa pagiging coordinator ng mga parke upang mag-recruit, makipag-usap, magtalaga, at sumubaybay sa mga boluntaryo
	\$5,097,710	

MATIBAY NA SUPORTA NG KOMUNIDAD

Ang komunidad ng Long Beach ay napakalaki ng suporta sa Lungsod at sa layunin na parehong mapanatili at maibalik ang mga serbisyo. Noong 2016, ang mga kita ng Lungsod ay hindi naging sapat upang magpanatili, na higit na mas mababa ang kita upang maibalik o magdagdag ng mga serbisyo, na may mga dahilang tulad ng mga tumataas na halaga ng pensyon. Sa panahong iyon, ang mga botante ay inaprubahan ang **Measure A**, na nagtaguyod ng isang pansamantalang pagtaas ng buwis sa benta. Noon pa man, ang Measure A ay instrumento na sa pagbabalik at pagpapahusay ng kaligtasan ng publiko bukod pa sa hinahayaan nito ang Lungsod na mapanatili ang mga serbisyo ng pulis at bumbero. Nagbigay din ito ng pondo upang pabutihin ang ating mga kalye, kalsada, at iba pang imprastruktura tulad ng mga parke, aklatan, at gusali sa pagparada. Ang **Measure MA** na inaprubahan ng mga botante ay nagbigay ng buwis sa mga benta sa cannabis at nagbigay sa Lungsod ng mas malaking kakayahang umangkop upang tugunan ang mga halaga sa pagpapatupad ng cannabis, pagbibigay ng pondo para sa kawalan ng tahanan at tulungang suportahan ang kaligtasan ng publiko. Sa ngayon, ang Measure MA ay hindi gaanong kumikita, ngunit inaasahan itong kumita sa hinaharap. Ang reklamong hain ng dalawang mamamayan ay nagbanta rin sa mga serbisyo sa Lungsod noong 2018 sa pamamagitan ng paghadlang sa mga paglilipat ng matagal nang kita sa utility na pinondohan ang mga serbisyo ng Lungsod nang higit sa 60 taon. Muli, ang mga botante ay sinuportahan ang mga serbisyo ng Lungsod sa pamamagitan ng pag-apruba ng **Measure M**, na binaligtad ang masasamang epekto ng reklamo at epektibong ibinalik ang makasaysayang status quo. Hinayaan nitong mapanatili ang mga kasalukuyang serbisyong maaaring masamang naapektuhan.

ANG HINAHARAP

Ang Badyet sa FY 19 sa Pangkalahatang Pondo ay ma-estrukturang nakabalanse at pinapanatili ang mahahalagang serbisyo. Subalit, ang Long Beach, tulad ng halos lahat ng iba pang pangunahing lungsod, ay humaharap sa mga pagsubok, kabilang ang mabagal na paglago ng kita, mga benepisyo at insurance ng empleyado na di napopondohan, at ipinagpalibang pag-aayos. Ang piskal na pananaw sa hinaharap ay ipinapakitang may mga pinansyal na pagsubok at inaasahang kakulangan sa badyet sa Pangkalahatang Pondo na kailangang tugunan at tanggalin. Ipinapakita sa inaasahan ang isang potensyal na \$9.3 milyong kakulangan para sa FY 20 at \$0.8 milyong labis para sa FY 21. Hindi kabilang sa inaasahang ito ang mga pagtaas ng suweldo (ang mga kasalukuyang kontrata ng empleyado ay magtatapos sa FY 19 at magiging bukas para sa negosasyon sa FY 20 at FY 21). Ito ang maaagang inaasahan at malamang na magbago kapag naging available ang higit pang impormasyon. Ang pagbuo ng mga solusyon at diskarte para sa mga inaasahang kakulangan pati na ang pagtugon sa anumang pangangailangan para sa mga nadagdag na serbisyo ay magiging prayoridad ng Tagapamahala ng Lungsod sa FY 19.

MGA OPORTUNIDAD SA PAGSALI NG KOMUNIDAD

Ang iyong input ay napakahalaga sa proseso ng pagbabadyet at ang iyong pagsali ay lubhang hinihikayat. May iba't ibang paraan upang sumali sa proseso ng Iminumungkahing Badyet sa FY 19.

BASAHIN ANG LIBRO NG BADYET

Available ito online sa buo o buod na format sa longbeach.gov



BISWAL NA TUKLASIN ANG BADYET

Buksan ang OpenLB upang tuklasin ang Iminumungkahing Badyet sa Piskal na Taon 2019 sa longbeachca.opengov.com.



SAGUTAN ANG SURVEY SA PRAYORIDAD NG BADYET NG LONG BEACH

Ang simpleng survey na ito ay hinahayaan kang kilalanin kung anu-ano dapat ang mga prayoridad ng Pangkalahatang Pondo ng Lungsod. Pumunta sa longbeach.gov/budgetsurvey.

Service	Very Important	Somewhat Important	Not Very Important	Not at All Important	No Opinion
Providing free or low-cost recreation programs for youth	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
Maintaining and repairing public buildings (community and senior centers, fire stations, libraries, etc.)	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
Providing special events and programs for families	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
Maintaining a low crime rate	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
Preparing the community for emergencies or disasters	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
Providing programs for seniors	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
Maintaining parks	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
Providing neighborhood police patrols	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
Enforcing traffic laws	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
Providing fire protection services	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
Keeping the City attractive and eliminating blight	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
Planning for the future of the city	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
Maintaining and repairing streets (using potholes, etc.)	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
Creating new parks and open space	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
Providing business assistance and supporting economic development	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
Providing access to libraries (hours of operation)	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
Providing new library books, ebooks, media and access to technology	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
Maintaining and repairing sidewalks	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
Reducing ocean pollution by improving storm drains	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
Providing library programs and services (reading, homework help, etc.)	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
Providing animal care/control services	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
Providing code enforcement services (closing blighted buildings, etc.)	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
Providing prompt graffiti removal services	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>

IBAHAGI ANG IYONG MGA SALOOBIN ONLINE

@CityofLongBeachCA sa Facebook, @LongBeachCity sa Twitter, at gamitin ang #LBFY19.



DUMALO SA PAGPUPULONG SA BADYET AT IBAHAGI ANG IYONG MGA SALOOBIN NANG HARAPAN

Tingnan ang kalendaryo online sa longbeach.gov

TUMAWAG O I-EMAIL ANG IYONG MIYEMBRO NG KONSEHO

Robert Garcia, Mayor
(562) 570-6801
mayor@longbeach.gov

Suzie Price, 3rd District
(562) 570-6300
district3@longbeach.gov

Dee Andrews, 6th District
Vice Mayor
(562) 570-6816
district6@longbeach.gov

Al Austin, 8th District
(562) 570-6685
district8@longbeach.gov

Lena Gonzalez, 1st District
(562) 570-6919
district1@longbeach.gov

Daryl Supernaw, 4th District
(562) 570-4444
district4@longbeach.gov

Roberto Uranga, 7th District
(562) 570-7777
district7@longbeach.gov

Rex Richardson, 9th District
(562) 570-6137
district9@longbeach.gov

Jeannine Pearce, 2nd District
(562) 570-6684
district2@longbeach.gov

Stacy Mungo, 5th District
(562) 570-5555
district5@longbeach.gov